
# NAGSASALITA BA KAYO NG IBANG WIKA SA INYONG TAHANAN?

TAGALOG




WINNIPEG SCHOOL DIVISION

Child Guidance Clinic

Saan makakahanap ng mga libro sa iba't ibang wika?

Sa Millennium Library
251 Donald Street
Winnipeg, MB R3C 3P5
Phone: (204) 986-6432



Kung ang inyong anak ay hirap sa inyong katutubong wika at sa Ingles, maaaring nangangaylangan siya ng tulong ng speech language pathologist. Kausapin ang Titser ng inyong anak.

## Immigrant Services:

Immigrant Women's Association of Manitoba, Inc
University of Winnipeg Library
4th Floor – 515 Portage Avenue
Winnipeg, MB R3B 2E9 Tel: 989-5800

INTERNATIONAL Centre of Winnipeg
406 Edmonton Street
Winnipeg, MB R3B 2M2 Tel: 943-9158

## Refugee Services

Manitoba Interfaith Immigration Council
Welcome Place
397 Carlton Street
Winnipeg , MB. R3B 2K9 Tel: 977-1000

Needs Centre for War Affected Families
251 A Notre Dame Avenue
Winnipeg, MB. R3B 1N8 Tel: 940-1260

## Community Health Clinic:

Mount Carmel Clinic
886 Main Street
Winnipeg, MB. R2W 5L4 Tel: 582-2311

# MGA KADALASANG TANONG:

1. ***Ang Ingles ay hindi natin pangunahing wika. Kinakailangan ba tayong magsalita ng Ingles sa ating mga anak?***

   Hindi. Kausapin ang inyong mga anak sa wikang pinakamaginhawa sa inyo. Kinakailangang may naririnig na mahusay na huwaran ng wika sa bahay ang mga bata.

2. ***Hindi ba higit na mabilis matuto ng Ingles ang mga bata kung siya ang gamit sa tahanan?***

   Hindi nakakatiyak. Higit na mahusay ang bata sa pangunahing wika, higit na mabilis silang matututo ng bagong wika.

3. ***Ang wika naming mag-asawa ay magkaiba. Anong wika ang dapat naming gamitin sa aming anak?***

   Bawat isa ay dapat gamitin ang wikang pinakamaginhawa sa kanila. Maaaring ito ay mangahulugan na ang ina ay gagamit ng isang wika at ang ama ay nagsasalita ng iba.

4. ***Hindi ba nakakalito sa mga bata ang nagaaral ng dalawang wika?***

   Hindi. Ang mga bata sa buong daigdig ay natututo ng mahigit sa isang wika. Nakakalamang ang isang nakakapagsalita ng mahigit sa isang wika.

5. ***Ayaw gamitin ng mga bata ang aming wika sa bahay. Ano ang dapat naming gawin?***

   Ipagpatuloy ninyo ang pagsasalita ng inyong wika kahit na pinipili ng inyong mga anak ang magsalita ng Ingles.

6. ***Bakit kailangang ipagpatuloy ang pagsasalita ng aming pangunahing wika kung dito na kami naninirahan sa Canada/Winnipeg?***

   Ang wika ay isa sa pinakamatibay na tagapagugnay sa iyong kultura at minanang kalingan . Ang patuloy na pagsasalita ng katutubong wika ang tutulong sa inyong mga anak upang matutunan ang kanilang kasaysayan, kultura at upang mapanatili ang samahan sa mga nakatatandang miembro ng pamilya.

7. ***Ano ang mga puwede kong gawin upang tulungan ang aking anak na matuto ng aming pangunahing wika sa tahanan?***

   Kausapin ang inyong anak
   Basahan ang inyong anak araw-araw
   Himukin ang bata na magkwento tungkol sa mga larawan sa mga libro
   Dalhin ang inyong anak sa iba't ibang lugar at pag-usapan ang inyong nakita.
   Magkwento ng tungkol sa pamilya.
   Gumamit ng mga bagong salita at gamiting madalas.
   Ulitin ang pangungusap na gamit ng inyong anak matapos nilang sabihin at dagdagan ng iba pang mga salita.
   Tingnan ang inyong anak habang nakikipagusap sa kanila
   Pag-usapan ang ginagawa ng inyong anak
   Pag-usapan ang inyong ginagawa
   Makinig sa musika at magkasamang kumanta.

